

# Aplikasyon para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa California

FOR OFFICIAL USE ONLY

NIREBISA NOONG 05/2019

Ilagay ang petsa ng halalan at ang uri ng halalan (hal., Pangunahin, Pangkalahatan, o Espesyal). Dapat matanggap ng iyong opisyal ng mga halalan ng county ang aplikasyong ito nang hindi lalampas sa pitong (7) araw bago ang petsa ng halalan. Makikita ang petsa ng halalan sa [www.sos.ca.gov/elections/upcoming-elections/](http://www.sos.ca.gov/elections/upcoming-elections/). Hindi magpapadala ng balota sa iyo kung hindi kumpleto o hindi tumpak ang aplikasyong ito.

1. **ISA ITONG APLIKASYON PARA SA ISANG PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO PARA SA \_\_\_\_\_ HALALAN.**  
Buwan/Araw/Taon Uri ng Halalan (Pangunahin, Pangkalahatan, o Espesyal)

2. **I-PRINT ANG PANGALAN:** \_\_\_\_\_ 3. **PETSA NG KAPANGANAKAN:** \_\_\_\_\_  
Pangalan Gitnang Pangalan o Inisyal Apelyido Buwan/Araw/Taon

4. **ADDRESS NG TIRAHAN:** \_\_\_\_\_  
Numero at Kalye (Hindi tatanggapin ang P.O. Box, Rural na Ruta, atbp.) (Tukuyin ang N, S, E, W kung ginagamit)

\_\_\_\_\_  
Lungsod Zip Code County ng California

5. **ADDRESS SA KOREO PARA SA BALOTA (KUNG IBA SA NAKASAAD SA ITAAS):**

Kung ang iyong address sa koreo ay sa labas ng Estados Unidos, at isa kang sundalong botante o botante sa ibang bansa, magparehistrong muli sa [RegisterToVote.ca.gov](http://RegisterToVote.ca.gov) o gamitin ang Aplikasyon para sa Pederal na Post Card sa [www.fvap.gov](http://www.fvap.gov).

\_\_\_\_\_  
Numero at Kalye/P.O. Box (Tukuyin ang N, S, E, W kung ginagamit)

\_\_\_\_\_  
Lungsod Estado o Ibang Bansa Zip Code o Postal Code

6. **NUMERO NG TELEPONO (OPSYONAL):** \_\_\_\_\_  
Araw Gabi

7.  **OO, GUSTO KONG HUMILING NG BALOTA NG PULITIKAL NA PARTIDO PARA SA PANGUNAHING HALALAN PARA SA PAGKAPANGULO.**  
Tumanggi akong maghayag ng kagustuhan para sa isang kwalipikadong pulitikal na partido. Gayunpaman, para lang sa pangunahing halalang ito, humihiling ako ng pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa \_\_\_\_\_ Partido.

\*Upang malaman kung papayagan ng isang kwalipikadong pulitikal na partido ang mga botanteng tumangging maghayag ng kagustuhan para sa isang pulitikal na partido na iboto ang balota ng pulitikal na partidong iyon, makipag-ugnayan sa Kalihim ng Estado sa (800) 345-8683 o bisitahin ang [www.sos.ca.gov/elections/political-parties/no-party-preference](http://www.sos.ca.gov/elections/political-parties/no-party-preference).

8.  **OO, GUSTO KONG MAGING ISANG PERMANENTENG BOTANTENG BUMOBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO.**  
Sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahong ito at sa pamamagitan ng paglalagay ng inisyal dito \_\_\_\_\_, hinihiling kong maging isang permanenteng botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo. Awtomatikong magpapadala sa akin ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng halalan sa hinaharap. Nauunawaan ko na kung hindi ako makaboto sa pamamagitan ng koreo sa loob ng apat na magkakasunod na pangkalahatang halalan sa estado, kakailanganin kong mag-apply muli para sa permanenteng status ng botanteng bumoboto sa pamamagitan ng koreo.

9. **DAPAT LAGDAAN ANG APLIKASYONG ITO.**  
Hindi ako nag-apply para sa isang pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa anupamang hurisdiksyon para sa halalang ito. Pinatutunayan ko sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na totoo at tama ang impormasyong ibinigay ko sa aplikasyong ito.

**LAGDA** \_\_\_\_\_ **PETSA** \_\_\_\_\_

Babala: Ang pagsisinungaling ay isang krimen na may parusang pagkakakulong sa bilanguan ng estado sa loob ng hanggang apat na taon. (Kodigo Penal § 126)

## PAUNAWA

May karapatan kang ipadala o ihatid nang direkta ang aplikasyong ito sa opisyal ng mga halalan ng iyong county. Kapag ibinalik ang aplikasyong ito kaninuman bukod pa sa opisyal ng mga halalan ng iyong county, maaari itong magdulot ng pagkaantala na maaaring makasagabal sa iyong kakayahang bumoto.

Kung ibabalik ang aplikasyong ito sa pamamagitan ng koreo, dapat itong ibalik nang direkta sa opisyal ng mga halalan ng iyong county.

Ang nakarehistrong botante lang mismo ang maaaring mag-apply para sa isang pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang aplikasyon para sa isang pagboto sa pamamagitan ng koreo na ginawa ng isang tao bukod pa sa nakarehistrong botante ay isang pagkakasalang krimen.

### MGA INDIBIDWAL/ORGANISASYON/GRUPO NA NAGPAPAMAHAGI NG APLIKASYONG ITO

Dapat sundin ng sinumang nagpapamahagi ng mga aplikasyon para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ang format na ginamit sa aplikasyong ito. Krimen ang hindi pagsunod sa format na ito. Hindi maaaring paunang mag-print ng address sa koreo sa Item 5 ang sinumang nagpapamahagi ng aplikasyong ito.

Ang sinumang magbibigay ng aplikasyong ito sa isang botante ay dapat ilagay ang kanyang pangalan, address, at numero ng telepono dito:

\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

## SINO ANG MAKAKAGAMIT NG APLIKASYONG ITO

Isang rehistradong botante lang ang makakagamit ng magkakatatulad na Aplikasyon para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa California. Kung hindi ka pa nakakapagparehistrong bumoto, maaari kang magparehistrong bumoto online sa website ng Kalihim ng Estado sa [RegisterToVote.ca.gov](http://RegisterToVote.ca.gov). Maaari ka ring kumuha ng Card ng Pagpaparehistro ng Botante sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county, aklatan, o Tanggapan ng Koreo sa Estados Unidos. Dapat isumite online o sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county ang iyong nakumpletong Card ng Pagpaparehistro ng Botante kahit 15 araw lang bago ang halalan.

Upang bumoto sa pamamagitan ng koreo, maaari mong gamitin ang Aplikasyong ito para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, gamitin ang form sa patnubay na impormasyon para sa botante ng county na matatanggap mo sa pamamagitan ng koreo bago ang isang halalan, o maaari kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng mga halalan ng iyong county. Makikita online ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county sa [www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/](http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/).

Ang Aplikasyong ito para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay ibinibigay ng Kalihim ng Estado (Secretary of State, SOS) upang magamit ng sinumang tao, o anumang grupo o organisasyon na nagpapamahagi ng mga aplikasyon para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa mga halalang nauugnay sa mahigit isang county. Para sa mga organisasyong nagpapamahagi ng mga aplikasyon para sa mga halalan na may nauugnay na isang county, dapat makipag-ugnayan sa tanggapan ng mga halalan ng county para sa naaangkop na format at impormasyon ng barcode ng aplikasyon.

Ang mga residente ng California na naglilingkod sa militar at wala sa county kung saan silang kwalipikadong bumoto, at ang mga residente ng California na nakatira o nag-aaral sa ibang bansa ay maaaring magparehistro bilang isang sundalong botante o botante sa ibang bansa online sa [RegisterToVote.ca.gov](http://RegisterToVote.ca.gov) o sa pamamagitan ng Aplikasyon para sa Pederal na Post Card (Federal Application Post Card, FPCA). Kapag ginawa ito, magkakaroon ng higit pang opsyon para sa pagtanggap ng iyong balota at ginagarantiya nito ang pagbibigay ng priyoridad na serbisyo. Ang FPCA at iba pang mahalagang impormasyon para sa mga sundalong botante at botante sa ibang bansa ay makikita sa [www.fvap.gov](http://www.fvap.gov). Paano Punan ang Aplikasyong Ito

**ITEM 1.** Ilagay ang petsa ng halalan kung kailan mo gustong bumoto (buwan, araw, taon), at ang uri ng halalan (Pangunahin, Pangkalahatan, o Espesyal).

**ITEM 2.** I-print ang iyong pangalan, gitnang pangalan, at apelyido tulad ng nakasaad sa iyong Card ng Pagpaparehistro ng Botante.

**ITEM 3.** I-print ang petsa ng iyong kapanganakan sa ganitong pagkakaayos – buwan, araw, taon.

**ITEM 4.** I-print ang kumpletong address ng kalye ng iyong tirahan para sa pagboto. Hindi maaaring tanggapin ang isang post office box o rural na ruta.

**ITEM 5.** Dapat kumpletuhin ng botante ang impormasyon ng address sa koreo. I-print ang kumpletong address kung saan mo gustong ipadala ang iyong balota kung iba ito sa address ng tirahan na nakasaad sa Item 4.

**ITEM 6.** I-print ang iyong numero ng telepono (opsyonal, hindi kinakailangan) upang payagan ang tanggapan ng mga halalan na makipag-ugnayan sa iyo kung kinakailangan ng higit pang impormasyon.

**ITEM 7.** Kumpletuhin lang ang Item 7 kung ang aplikasyon ay para sa isang Pangunahing Halalan para sa Pagkapangulo at hindi ka pumili ng kagustuhan para sa pulitikal na partido noong nagparehistro ka upang makaboto. Kung hindi ka pumili ng kagustuhan para sa isang pulitikal na partido noong nagparehistro ka upang makaboto, itinuturing kang isang botante na Walang Gustong Partido at maaari kang humiling ng balota para sa pagkapangulo ng partido kung papayagan ito ng pulitikal na partidong iyon. Dapat kumpletuhin ng botante ang kahong lalagyan ng check at ang pangalan ng pulitikal na partido. Kung pipiliin mong

hindi humiling ng balota ng pulitikal na partido sa Pangunahing Halalan para sa Pagkapangulo, bibigyan ka ng di-partidistang balota na naglalaman lang ng mga pangalan ng mga kandidato para sa ninomina ng botante at mga di-partidistang tanggapan (hindi kasama rito ang mga kandidato para sa pagkapangulo) at ang mga panukala, kung mayroon man, na iboboto para sa Pangunahing Halalan para sa Pagkapangulo.

**ITEM 8.** Maaaring awtomatikong makatanggap ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang nakarehistrong botante sa lahat ng hinaharap na halalan sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahong Permanenteng Botanteng Bumoboto sa Pamamagitan ng Koreo at paglalagay ng inisyal sa linya. Maaaring mag-opt out sa permanenteng status sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang botante sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan ng kanilang county.

**ITEM 9.** Lagdaan at ilagay ang petsa sa ganitong pagkakaayos – buwan, araw, taon. Hindi kinakailangan ng saksi o ng notaryo.

## PAANO ISUMITE ANG APLIKASYON

Dapat ibalik sa opisyal ng mga halalan ng iyong county ang iyong Aplikasyon para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo nang hindi lalampas sa pitong (7) araw bago ang halalan. Gayunpaman, kung magkakasakit ka o kung mababaldado ka sa huling linggo bago ang isang halalan, o kung mapapag-alaman mong hindi ka makakapunta sa iyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan, maaari mong hilinging ihatid sa iyo ang isang pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na pahayag, na nilagdaan sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa opisyal ng mga halalan ng iyong county. Nakasaad dapat sa pahayag ang iyong pangalan, address ng tirahan, address kung saan mo gustong ipadala ang balota, ang pangalan at petsa ng halalan kung saan at kailan mo gustong bumoto, iyong lagda, at ang petsa. Maaari mong pahintulutan ang isa pang tao na tanggapin ang balota mula sa isang opisyal ng mga halalan, at/o ibalik ang balota sa isang opisyal ng mga halalan pagkatapos mong mailagay ang mga boto mo.

Kung ibabalik ang aplikasyong ito sa pamamagitan ng koreo, dapat itong ibalik nang direkta sa opisyal ng mga halalan ng iyong county.

Huwag magpapadala ng mga aplikasyon sa tanggapan ng SOS. Kapag ginawa ito, maaantala ang proseso ng aplikasyon.

Mahahanap mo ang address at numero ng telepono ng opisyal ng mga halalan ng iyong county sa website ng SOS sa [www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/](http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/).

## ANO ANG MAAARING PAUNANG I-PRINT SA APLIKASYON

Ang batas ng estado ay iniaatas sa botante na ilagay ang kanyang lagda at ang address kung saan ipapadala ang balota.

Kung ipinapamahagi ng organisasyon ang aplikasyon, dapat isama sa aplikasyon ang pangalan, address, at numero ng telepono ng organisasyong pinapahintulutan ang pamamahagi.

Upang matiyak ang katumpakan, dapat punan ng bawat botante ang lahat ng impormasyon sa aplikasyon. Gayunpaman, ang sinumang tao o anumang grupo o organisasyong ipinapamahagi ang aplikasyon ay maaaring paunang i-print ang mga sumusunod:

- Ang naka-print na pangalan at address ng bahay ng botante tulad ng nakasaad sa Card ng Pagpaparehistro ng Botante.
- Ang pangalan at petsa ng halalan kung para saan hiniling ang balota.
- Ang pangalan, address, at numero ng telepono ng tao, grupo, o organisasyong pinapahintulutan ang pamamahagi ng aplikasyon.